

1

“Stop it, Cion! Ikakasal na ako kaya pwede ba, tigilan mo na ako? Hindi ba malinaw sa 'yo 'yong usapan natin? Ayokong makipag-commit sa 'yo. Sex lang naman ang nag-uugnay sa ating dalawa kasi iyon ang gusto mo.”

“That was before, Matti! At pumayag lang naman ako sa set-up na gusto mo because I don't want to lose you. Still, I am hoping that we can have a serious relationship. I love you, Matt. Hindi ka naman manhid para di maramdaman iyon. Please, ako ang piliin mo. Masaya naman tayo, di ba? We're so compatible in so many things. Let's start all over again, honey.” May pagmamakaawa sa boses nito.

Pumunta pa talaga ng Batangas ang dalaga at

sinadya siya sa lumang bahay ng pamilya niya rito. Mukhang ini-stalk siya ni Cion at nalaman nitong mag-isa lang siya roon. Bukas pa kasi darating ang mga magulang niya galing Maynila.

“Si Alisha ang gusto ng mga magulang ko. Bata pa lang kami pangarap na nila siyang maging manugang. I also learned to love her more than a best friend. I like you, Cion, and believe me, I tried my best to love you the way you wanted.

“Pero hindi ko kayang baguhin ang damdamin na meron ako para kay Alisha. I’m sorry. The two us are compatible in bed. Sex. That’s all there’s been between us. Doon lang tayo magkasundo. Just accept that.” Malakas na sampal ni Cion ang dumapo sa pisngi niya.

Well, he deserved it. Kulang pa nga ang sampal kung tutuusin.

“Wow! Really? So malinaw na minahal mo lang ako dahil sa puñetang sex na ’yan? Five years, Matti! My God, ganoon lang pala ako sa ’yo. Parausan. What about that Alisha girl? Baka naman mahal mo lang siya kasi mahal siya ng mga magulang mo? Poor girl. Damn it, Matti. You’re a f*ckin’ asshole.”

Akala ni Matti ay patuloy na magwawala si Cion, pero umupo ito sa puno ng hagdan at doon umiyak

nang umiyak. Nanibago siya sa ginawi ng babae. Mas sanay siyang nagwawala ito.

Now she was the image of a devastated woman.

Iniwang na niya ito roon. Gusto man niyang i-comfort ang dalaga, alam niyang mas mahihirapan lang ito lalong maka-move on. Kababata niya ito at naging kaibigan din sa matagal na panahon.

Sumakay siya sa kanyang kotse at pinaharurot iyon. Ngayon niya lang na-realize ang mga bagay na dapat sa umpisa pa lang ay hindi na niya ginawa. Wala sanang nasasaktan ngayon. Nakokonsyensya siya sa nangyari kay Cion, pero hanggang doon na lang talaga sila ng babae. Kailangan na niyang harapin ang realidad at mamuhay nang tahimik kasama si Alisha.



“Anak, masaya kami para sa ’yo. Happy Birthday and Happy Wedding Day. Ito na ’yong matagal mong pangarap. Ito na ’yon, anak.” Maluha-luha ang papa niya habang nagsasalita.

Kahit kailan, hindi naging emosyonal ang papa niya tulad ngayon.

“Parang ang bigat sa dibdib na mapapalayo ka na sa ’min. Wala nang magluluto ng pinakamasarap na kare-kare, arros valenciana, at ano pa nga ’yong

isa? 'Yong itinuro ng Kuya Waldo mo na pagkain daw ng mga Arabo? Masarap iyon, anak.”

“*Diay Beryani, Papa.*”

“Yon nga ipagluto mo nga ako noon pag uwi n’yo ni Matti dito. Sana pala nagpaturu muna ako sa ’yo kung paano lutuin yon.” The humor in her father’s voice was laced with sadness.

Gusto man niyang aluin ito, alam niyang lalo lang itong malulungkot. Kailangan na niya itong sanayin na malayo siya sa tahanan nila. Haharapin niya ang panibagong yugto ng buhay niya.

She would surely miss her family, though.

“Ay, si Papa nagda-drama na naman. Noong si Kuya Magno at Kuya Waldo ang ikinasal hindi ka naman ganyan ka-emosyonal. Tinalo mo pa si Mama, eh.”

“Eh, kasi nga si Mama mo, naubos na ang luha niya noong ikinasal ang dalawa mong kuya. At saka kaya lang naman umiyak nang todo ’yong Mama mo noon kasi wala na siyang masesermonan araw-araw. Alam mo naman ’yong dalawa mong kuya, parehong lagalag kaya gan’on na lamang ang drama ng mama mo noong magkasunod silang nagpakasal. Basta, mami-miss kita, bunso. Magpakabait ka sa mga biyenan mo.”

“Pa, kahit naman po mag-asawa na ako, hindi naman ako makakalimot na dalawin kayo ni Mama dito. Kung pwede nga lang dito kami tumira, eh. Kaso nasa Maynila ang trabaho ni Matti. Hay naku, Papa, magbihis ka na nga. Malapit nang matapos makeup-an si Mama.”

Maluha-luha na naman ang mga magulang niya nang makita ng mga ito na pababa na siya ng hagdan. Bitbit niya sa kanang kamay ang pointed high-heeled shoes na kapares ng bridal gown niya. Hawak naman ng kaliwang kamay niya ang laylayan ng gown upang hindi niya iyon maapakan.

She was enjoying her steps downstairs when two gorgeous men banged the door.

“*Hola, hermosa!*” sigaw ng Kuya Magno niya na gwapong-gwapo sa suot nitong *Barong Tagalog* na kahapon pa nito ipinagmamalaki na nabili raw sa UK. Sanay na sanay na siyang marinig na pinupuri siya nito gamit ang wikang Español.

“*Barong Tagalog? Nabili sa UK?*” *Natawa siya kahit may nakapang lungkot sa dibdib.*

Kailangan niyang magpanggap na masaya sa harap ng mga mahal niya.

“*UK as in ukay-ukay. Hindi ka pa nasanay sa kakuriputan niyang Kuya Magno mo,*” agaw ni Waldo.

Napailing siya habang palapit sa dalawa niyang kuya. Hindi niya makakalimutan ang mga kalokohan ng dalawa. Talagang mami-miss niya ang mga ito. Ang alaskador at ang sweet niyang mga kuya na kahit malayo na sa kanila ay hindi siya nilulubayan sa mapang-asar na banat basta may pagkakataon.

“*Amirah*,” bulong ng Kuya Waldo niya. It was an Arabic term for *princess*. Matagal kasi itong nakipagsapalaran sa Saudi bago nagpakasal at hanggang ngayon ay bihasa pa rin itong mag-Arabic.

“Thank you, mga kuya. Asan nga pala sina Ate Rina at Ate Marie?”

“Nasa hotel, binibihisan pa ang mga pamangkin mo,” sagot ni Magno na titig na titig sa kanya. “Mas maganda ka pa kay Rina noong ikinasal kami.”

Nakakataba ng puso na marinig ang papuring iyon buhat sa mapang-asar niyang kuya, bagaman alam niyang sinasabi lang nito iyon dahil wala roon ang asawa. Kahit pa nagsisinungaling ito, hindi niya mapigilang mapangiti dahil talagang nakaka-flatter na maikumpara sa napakaganda nitong napangasawa.

“Kaya nga nagtataka kami ni Mama kung kanino ka nagmana,” pang-aasar niya. “Ano kaya ang nagustuhan sa ’yo ni Ate Rin?”

“Aba, gwapo rin naman ako, ah. Di ba, Kuya Waldo?” baling nito sa kapatid na panay ang tingin sa salamin.

“Yeah, alam kong gwapo ako, ewan ko lang sa 'yo.”

“Kung di tayo parehong gwapo hindi natin mabibihag ang mga puso ng kambal na 'yon.”

Yes, Marie and Rina were twins.

“Magsitigil na nga kayo diyan, puro na naman kayo payabangan. Alalahanin ninyong ako ang ama n'yo kaya di-hamak na mas gwapo ako sa inyong dalawa.” Kumindat pa ang papa nila na kanina pa pala nakamasid sa kanila. Ang tikas nito sa suot na tuxedo.

Sabay-sabay silang umalis ng bahay gamit ang magkakaibang sasakyan. Si Magno ay sa kotse ni Waldo nakisabay. Dadaan pa ang mga ito sa hotel para sunduin ang kani-kanilang asawa at mga anak. Sila naman ng papa at mama niya ay magkakasama sa bridal car.

Pakiramdam ni Alisha ay pinapanood ng lahat ang paglalakad niya patungo sa pinto ng simbahan hanggang sa altar. Naririnig niya ang sinasabi ng mga nasa katabing upuan kung gaano ka-elegante ang kanyang *trahe de boda*. Parang lahat ng pares

ng mata ay nakatutok sa kanya.

Ang mama ni Matti ang pumili ng design ng kanyang damit-pangkasal na pinaboran naman niya.

Kasabay ng paghakbang niya ang malamyos na tinig ng babaeng soloist. Si Matti ang pumili ng kantang iyon. Masaya siya sa pag-iisang dibdib nila kahit parang arranged marriage iyon, kaya panay tango lang ang sagot niya noong mga panahong hinihingi ni Matti ang opinion at suggestion niya tungkol sa mga detalye ng pagpapakasal nila.

Pasado naman kasi sa kanya ang taste nito at mas marunong itong pumili kaysa sa kanya kaya halos ipinabahala niya ang lahat dito. Basta ang alam niya ay masaya siya sa gagawing pakikipag-isang-dibdib dito.

Totoo pala na kapag sobrang saya mo ay para kang nakalutang sa alapaap. Corny man pakinggan, pero ganoon ang pakiramdam niya ngayon.

“Ang ganda ng anak mo, *’mare*. She looks exactly like you when you’re younger,” sabi ng katabi ng mama niya.

Sino ang makapagsasabi na sa isang simpleng pamilya at probinsya lang siya lumaki?

“Naku, ’wag na ’wag mong ipaparinig ’yan kay Ramon, magagalit ’yon sa ’yo. Alam mo namang lagi

niyang ipinagmamalaki na parang pinagbiyak daw na bunga sila ni Alisha ko.”

“Kung ako ang may ganyan kagandang anak, hindi ko papayagang mag-asawa ng ganyang kabata,” narinig niya pa.

“Ako din, mare, baka iburo ko muna nang ilang taon pa.”

Naghagikgikan ang mama niya at ang mga kaibigan nito.



Malapad ang ngiti ni Matti habang pinagmamasdan si Alisha na naglalakad palapit sa kanya. Ang ama nito ay hindi niya mawari kung iiyak ba o ngingiti. Pagkatapos niyang magmano ay nauna nang maupo ang ina ng dalaga sa tabi ng mga kaibigan nito.

Si Alisha ang babaeng gusto niyang makasama hanggang sa kanyang pagtanda.

Parang wala siyang naintindihan sa ginanap na seremonya. Hanggang sa nagpalakpakan ang mga tao pagkatapos sabihin ng pari na, “You may now kiss the bride.”

Alisha closed her eyes. Parang ayaw pa niyang pakawalan ang mga labi ni Matti nang lumapat ang bibig nito sa kanya, pero naalala niyang nasa harap

nga pala sila ng maraming tao.

Napilitan siyang imulat ang mga mata at harapin ang mga bisita.



“I love you, Mrs. Alisha Guanzon-Montezar. I want to thank you for wanting to spend your life with me. I promise to give you a happy life. I’ll support you kung gusto mo man na mag-aral pa o magtrabaho muna. I feel so guilty for marrying someone so young. I promise, ibibigay ko ang sarili ko sa ’yo nang buong-buo.”

“Pati ito buong-buo mong isusuko sa ’kin?” She grabbed his crotch and blushed. It was the first time that she’d been that aggressive with him. Agad niya ring binawi ang kamay.

“Hon!” Tila pati si Matti ay na-shock. Mukhang hindi talaga nito napaghandaan ang ginawa niya.

“Of course, pati ’yun sa ’yong sa ’yo. Eh, ito, akin lang ’to, ha?” Nahigit niya ang hininga nang maramdaman ang kanang kamay nito sa gitna niya.

May kilabot na hatid iyon kay Alisha. At nakaramdam siya ng init. “Matti, mag-focus ka na lang kaya sa pagmamaneho,” paggagalit-galitan niya.

“Trust me, honey, magaling akong mag-drive.” His hand had slid down her leg before he put it back

on the steering wheel.

Sa loob ng three years na official silang mag-on ay never sila naging intimate ni Matti. Sweet words and gestures were enough to make her happy. Iiginalang siya ng asawa. Hindi sila lumagpas sa holding hands at kiss sa check stage.

Hindi naman siya against sa pre-marital sex, pero hindi rin kasi iyon hiniling sa kanya ni Matti at nagpasalamat siya na ganoon ang lalaki. Kaya siguro sobrang boto rito ang mga magulang niya ay dahil sa respeto nito sa family niya at lalo't higit, sa kanya.

Nag-init ang mga pisngi ni Alisha nang walang babalang iginilid ni Matti ang sasakyan. Hindi na ba makapaghintay ang asawa na marating ang hotel na tutuluyan nila? Dalawang araw sila sa honeymoon suite bago sila lumipad patungong Hong Kong for their official honeymoon.

Letsugas! May pa-opi-opisyal pang nalalaman si Matti, eh, pareho lang namang pagbabalyahan ng mga sex organ ang gagawin nila. Kung siya nga lang ang masusunod, dito na lang nila gagawin ni Matti ang mabagsik na himagsikan sa kama.

Lihim na natawa si Alisha sa itinatakbo ng utak niya. Kahit pala virgin nagiging green-minded din minsan.

Napansin niyang mas malakas na ang ulan. Umaambon na kanina bago sila umalis ng Batangas. Malakas din ang ihip ng hangin, pero ang sabi naman ng *PAG-ASA* ay walang bagyo kaya tumuloy pa rin sila. Nasa matarik na bahagi sila ng Tagaytay.

“Bakit ka tumigil?”

“Because I can no longer focus on the road, honey. I want to touch you.” Mabilis na inilapat nito ang bibig sa mga labi niya.

His breathing grew labored. Ramdam niya ang pagnanasa sa katawan nito.

She gasped. “Oh, Matti, later please.”

“Shit!” Tumigil ito sa paghalik nang may malakas na bumunggo sa likurang bahagi ng sasakyan nila.

She panicked. “Matti, ano ’yon? Oh, my God Matti, mahuhulog tayo.”

“F*ck! Ali, kumapit ka sa akin. Please kumapit ka nang mahigpit.”

Napasigaw na siya. “Matti! Oh, God, please save us.”

2

“I’m sorry, Mrs. Montezar. There’s no indication that your son would wake up anytime today. Umaasa pa rin kami na hindi ito mauwi sa comatose. Wala naman pong na-damage sa upper part. As you already know, kinailangan naming operahan ang left leg niya. I’d say he did his best to save his wife.”

“Thank you, Doc.” Malungkot si Mrs. Lara Montezar, ang ina ni Matt, habang tinititigan ang anak na kung anu-anong aparato ang nakakabit sa katawan.

Siguro kung nakinig lamang ito na huwag munang magbiyahe pagkatapos ng kasal dahil sa masamang panahon, baka wala ito sa ganitong

sitwasyon. Pero sino nga ba ang makakapagsabi sa pwedeng mangyari?

Napalingon ang ginang nang bumukas ang pinto at pumasok si Azuncion.

“Tita... good evening po.” Humalik ito sa pisngi ng ginang.

“Hindi ka na dapat pumunta pa dito, Cion. My son and Alisha are married now so please stay away from them. *Por favor*, magkaroon ka naman sana ng *delicadeza*. Umalis ka na. Ayokong malaman ni Alisha na pumunta ka dito.”

Nagising si Alisha dahil sa ingay na narinig niya.

“Shh, tumigil na nga kayong dalawa sa ingay n’yo. Para kayong mga bata, ah. Natutulog si Alisha. Waldo, Magno!” naulinigan niyang saway ng ina.

“Kaya nga kami nag-iingay para gumising na siya. Aba, lagpas na sa oras ang pamamahinga niya ah.”

“Ma...” Nagmulat ng mga mata si Alisha matapos makumpirma na naroon nga sa paligid ang mga kapamilya niya. Akala niya ay nananaginip siya.

“O, kita n’yo? Nagising tuloy ang kapatid n’yo. Lintik talaga kayong dalawa. Magsiuwi na nga kayo sa mga asawa n’yo!” Nilapitan siya ng ina. “Alisha, anak, salamat sa Diyos at hindi ka napaano. Kumusta

ang pakiramdam mo? Halos patayin mo ako sa takot noong mabalitaan ko sa telebisyon ang nangyari. Teka... Hoy, kayong dalawa, tawagin n'yo ang doktor, bilis!” utos nito sa mga kuya niya.

Magkapanabay na lumabas ang dalawa.

“Ma, okay lang po ako. Si Matti po?” Nakadama siya ng kaba.

“Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya nagigising. Anak, alam kong matatag ka. Kakayanin mo anuman ang mangyari sa kanya. Nandito naman kaming lahat para sa 'yo.”

“Ma...” Nag-umpisang manubig ang mga mata niya.

No! Hindi niya kayang tanggapin kung mawawala sa kanya si Matti. Kung anu-anong pangitain na ang lumilitaw sa isipan niya. Hindi pwedeng may mangyaring masama sa asawa.

She felt so helpless. Ayaw tumigil ng luha niya sa pagpatak kahit anong pang-aalo ang gawin ng mama niya. Dumating ang mama ni Matti kasama ng doktor.

Tinurukan siya ng pampakalma ng doktor.

Mabilis na nakatulog si Alisha.

“She will get better. It might help if you bring her to her husband when she wakes up para hindi na siya

mag-isip ng kung anu-ano tungkol sa kalagayan ng asawa niya.”



Halos madurog ang buong pagkatao ni Alisha pagpasok niya pa lang sa *Intensive Care Unit*. Naka-wheelchair siyang inihatid doon ng mama at papa niya.

Nagising si Matt pero muli ring nakatulog agad dahil siguro sa dami ng gamot na nasa sistema nito. Medyo napanatag na ang loob niya dahil ligtas na ito. Bukas daw ay pwede na itong ilipat sa private room.

Kung hindi siya nito niyakap noong maganap ang aksidente, malamang ay siya ang nasa kalagayan nito. Kung hindi nito isinangga ang katawan para sa kanya, baka pinaglalamayan na siya ngayon. Utang niya ang buhay kay Matti at gagawin niya ang lahat upang masuklian ang sakripisyo nito.



Two months later...

“F*ck this life!”

“Matti, please stop!” He was maneuvering his wheelchair toward no certain direction. Wala itong pakialam kahit bumabangga ito sa mga pader at sulok ng bahay.

“Shut up, Alisha. You have no idea how hard it is for me to deal with this everyday. This is not the life I imagined. Just leave me alone! Iwan mo na ako, Alisha. Hindi rin ito ang buhay na gusto kong ibigay sa 'yo. I'll be relieved if you'll just pack your things and go.”

Masakit man kay Alisha ang mga salitang lumalabas sa bibig ng asawa ay tinitiiis niya. Hindi naman ito ang unang beses na sinigawan siya ni Matti, pero ito na siguro ang pinakamalala.

Wala sa mga kapamilya nila ang nakakaalam sa tunay niyang sitwasyon. Ayaw rin niyang makarating ito sa mga magulang ni Matti, lalong ayaw niyang malaman ito ng mga magulang niya.

“Matti, listen to me. Hinding-hindi kita iiwan. Sumumpa na ako sa harap ng Diyos na magsasama tayo sa hirap at sa ginhawa kaya walang kwenta 'yang pagtataboy mo sa akin. At tulad ng doktor, naniniwala akong gagaling ka.”

“Gagaling? Puñeta! Two months na akong ganito, pero wala pa ring pagbabago. Imbalido pa rin ako. Kahit nga sa kama, di ba, wala akong silbi? F*ck this life!”

Pareho silang natigilan nang bumukas ang main door at pumasok doon ang dalawang matitipunong

lalaki.

Napakunot-noo si Alisha. Parang ngayon niya lang nakita ang mga ito, pero base sa reaksyon ni Matti ay kilala nito ang mga dumating. At malamang ay kilala rin ang dalawa ng kasambahay nila na nagpapasok sa mga ito.

The two men were both oozing with sex appeal. Walang itulak-kabigin sa angking kagwapuhan ng dalawa. Mapapagkamalang modelo ang mga ito.

“Mukhang wrong timing tayo, pare,” narinig niyang bulong ng isa sa kasama nito.



Nauna na si Amerald na batiin ang kaibigan. Mukha kasing walang balak si Matt na i-acknowledge sila sa harap ng babaeng kasama na malamang ay asawa nito.

“Matt. Kumusta, pare?” Amerald extended his hand toward the man in the wheelchair. Hindi iyon tinanggap ni Matti. Bantulot niyang binawi iyon. “Pasensya na kung ngayon lang kami nakadalaw.”

“Mga kaibigan ba kayo ni Matti?” tanong ng babae sa tabi nito. “Hindi niya kasi nabanggit na darating kayo.”

Napatingin si Amerald sa nagsalita. He offered his hand and she shook it. “I’m Amerald Royo,

Matti's best buddy," pakilala niya rito. "Sorry din kung hindi kami nakapagpasabi." Pakiramdam niya ay may kuryenteng dumaloy sa buong sistema niya nang maglapat ang mga palad nila kaya agad niya itong binitiwang.

"And I'm Norris Belgar, the most handsome and the most popular of all of Matti's friends," pabirong sabi ng katabi niya. "May pinuntahan kaming prospective client malapit dito kaya naisipan na rin naming sumaglit. Pasensya na."

"Okay lang. I'm Alisha, Matti's wife."



Habang tulak ang wheelchair ni Matti, napasulyap si Alisha kay Amerald nang igiya niya ang mga bisita papunta sa snack area ng bahay. She noticed his prominent and proud jaw. Mahaba ang pilik-mata nito at katamtaman ang tangos ng ilong. And his lips! There's something about those lips of his. Parang nag-aalok ng walang katapusang ligaya. Nanunuyo bigla ang lalamunan ni Alisha.

God! Ganoon na ba siya katigang at kung anu-anong kahalayan na ang pumapasok sa utak niya?

Nagpa-excuse siya nang makaupo ang mga panauhin at sinabing ikukuha niya ang mga ito ng merienda.

“Stop staring at my wife, you two!” narinig niyang sita ni Matti sa mga kasama na nagtawanan lamang.

Bago pa marinig na magsalita ng kung ano ang asawa ay binilisan niya ang mga hakbang pupunta sa kusina.

Ang snack area na kinaroroonan ng mga ito ay kanugnog lamang ng kanilang dining room.

Hinugasan ni Alisha ang mga prutas na nakuha niya sa ref, binalatan ang iba sa mga iyon, hiniwa, naglabas ng ilang klase ng cheese at inilagay ang lahat sa fruit platter.

Dinala niya iyon sa mga bisita at inilapag iyon sa mesa sa harapan ng mga lalaki.

“Akalain mong lumagay ka na pala sa tahimik? Ikaw na pinaka-chickboy sa grupo...” Sumatsat si Norris bago kumagat sa pakwan. “Hindi mo man lang kami inabisuhan.”

“Hindi ko kayo mahagilap,” dahilan ni Matti.

Si Emerald ay tahimik.

Nahuli ni Alisha na nakatitig ito sa kanya. Parang may nabakas siyang panghihinayang sa mga mata nito. *Para sa akin?*

O baka naman imagination niya lang iyon. Naiilang siya sa titig nito sa kanya kaya nagpasya

siyang bumalik na lang sa kusina at ikuha ang mga ito ng inumin. Pagdating sa kitchen ay naglabas na rin siya ng mga lutuin at nagkunwaring busy.

“I saw that.”

Halos mabitiwan ni Alisha ang hawak na plato na ibabalik sana sa cupboard.

“Ang alin?” tanong niya na hindi lumilingon kay Matti.

“Yong mga titig niya sa ’yo. Kung hindi lang kita kilala nang matagal, iisipin kong may nakaraan kayo ni Amer.”

Hinarap niya ito. “Hindi lang naman siya ang tumitig sa akin ng gan’on, di ba? Maganda kasi ang asawa mo, honey, kaya ’wag ka nang magtaka kung may humahanga pa rin sa akin maliban sa ’yo.” Sinubukan niyang magbiro, pero pinagulong lang ni Matti ang wheelchair nito papalayo sa kanya.

Napabuntong-hininga na lamang si Alisha at hindi na tinangkang sundan ang asawa. Hindi ito ang tamang pagkakataon para mag-usap sila, lalo’t naroon pa ang kanilang mga bisita.



Wala na sanang balak si Matti na daluhan pang muli ang mga kaibigan. Pagugulungin na dapat niya ang wheelchair papasok sa kwarto nila ni Alisha

nang maulinigang nag-uusap sa wash room sa tabi ng common bathroom sina Norris at Amerald.

Mukhang seryoso ang topic ng dalawa. Wala siyang balak mag-eavesdrop, pero hindi niya napigilan ang sarili na tumigil at makinig sa usapan mga ito. Alam niyang masama ang ginagawa, pero parang may nagtutulak sa kanya na patuloy na makinig.

3

Maaga pa lamang ay naihanda na ni Amerald ang lumang *Honda Civic* niya na gagamititin mamaya papuntang ospital para sa weekly dialysis ng mama niya.

“May pera pa ba tayo, anak?” tanong ng ginang na nasa front passenger seat.

“Meron pa naman, Ma, at saka ’wag ninyong isipin ang pera, ako ang bahala d’on. Ang isipin n’yo ay ang magpagaling.”

“I’m old, son, and I feel like I’m getting older and older everyday.”

Nalungkot siya sa narinig. Tila pagsuko ang nangingibabaw sa tinig ng mama niya.

“Ma naman, ’wag naman kayong magsalita nang

ganyan. Gagawin ko ang lahat para lang patuloy kang mabuhay nang maginhawa sa kabila ng kondisyon n'yo.”

Parang sumakit ang ulo ni Amerald nang makita ang hospital bill. Hindi niya akalain na aabot sa ganoon kalaki ang bayarin nila. Last cash na nila ang hawak niya ngayon.

Hindi na niya alam kung saang bangko mangungutang. Mahina rin ang kita ng auto shop—ang tanging negosyong naiwan ng daddy niya—lalo't hindi niya iyon gaanong nahaharap.

Pabalik na dapat si Amerald sa sasakyan nang pag-ikot niya ay may nakabungguan siya.

“Oops! Sorry. Alisha? Ikaw nga...” Lahat ng problema niya ay tila naglaho pagkakita sa magandang mukha nito.

“Hey! Amerald, an'ong ginagawa mo dito?” A sweet smile was on her lips.

“Dialysis ng mama ko ngayon.”

“Oh. Sorry to hear that.” Alangan ang ngiti nito.

“It's all right. Ikaw, an'ong ginagawa mo rito?” Bahagya siyang nag-alala na may dinaramdam ito kaya nasa ospital.

“Ahm, therapy ni Matti ngayon. D'un talaga siya sa Taguig nagpapadoktor, kaso hindi raw

makakapag-clinic d'un si Doc this week kaya dito na lang kami sa Quezon City nagpunta. Pauwi ka na ba niyan?"

"Yeah, pauwi na kami. Nagbayad lang ako ng bill namin."

"I see. Sige, mag-ingat kayo. Mamaya pa siguro matatapos si Matti."

"Thanks. Ingat din kayo pauwi. Pakisabi kay Matti magpagaling siya agad."

Sinundan niya ng tingin si Alisha hanggang sa tuluyan itong makalayo. Nakaramdam siya ng kahungkagan, bagay na alam niyang mali.

Maling-mali na makaramdam siya ng ganito para sa asawa ng kaibigan niya.



"Ang tagal mo yata," bungad ni Matti. Tapos na ang therapy nito.

"Sorry. Nakasalubong ko kasi 'yong kaibigan mong si Amerald. Nangumusta saglit. Dito pala nagpapa-dialysis ang mama niya. Magpagaling ka daw."

"Matagal-tagal na rin nga kaming walang bonding. At saglit lang naman sila noong pumunta sa bahay."

"Why don't you invite them for dinner some

time? Ipaglaluluto ko kayo ng masarap na hapunan.” Na-excite siya. Ang nagiging bisita lang nila ay either pamilya niya o pamilya ni Matti at bihirang-bihira iyon. Nahihirapan siyang magpanggap na okay silang mag-asawa kapag dumadalaw ang mga ito kaya hindi niya mapanabikan nang ganito ang pagbisita ng mga magulang nila. “Naisip ko lang na parang hindi tayo nakapag-entertain ever.” Nakarating na sila sa sasakyan. Tinulungan niya at ng kasama nilang nurse na makasakay si Matti sa backseat.

Sinabihan ni Matti ang nurse na iwan na sila at mag-report na lamang sa susunod na araw. Matapos ilagay ng driver nila ang wheelchair ni Matti sa trunk ng kotse ay sumakay na ito at tinanong kung derecho na sila bahay.

Tumango si Matti rito at saka siya binalingan nang umandar na ang sasakyan.

“I’m sorry, hon. Sorry kung simula nang ikasal tayo ay hindi na kita nadadala sa mga fine-dining restaurants. Magiging intindihiin mo lang ako hilingin ko man sa ’yo na pumunta tayo sa ganoong lugar.”

Hindi naman niya kailangang subuan si Matti dahil kaya naman nitong gawin iyon mag-isa.

Umiling na lamang si Alisha at nginitian ito. Hindi siya makapagsalita dahil baka maiyak siya.

“Would you mind getting something from the front passenger seat?” Puno ng lambing ang boses ni Matti.

Sinunod niya ang sinabi ni Matti at nakapa sa unahang upuan ang isang bungkos ng long-stemmed red roses. Natuwa siya at kinilig sa gesture nito. Sweet pa rin ang asawa kahit madalas na mainit ang ulo nito.

“Happy monthsary, my princess. Always remember that I love you no matter what.”

Naluluhang hinalikan niya sa mga labi si Matti, pero agad natigilan nang hindi ito tumugon. Bahagya niyang inilayo ang mukha rito at nabasa ang kalungkutan sa mga mata nito.

“May problema ba?”

“Nothing. Basta, lagi mong tatandaan na mahal na mahal kita.”

“Honey, I know. Kakasabi mo lang, eh. I love you more. And I love roses, too.” She kissed him again. Dampi lang talaga halos ang paghalik niya dahil ayaw niyang maeskandalo si Manong Rob.

Nakakahiya sa matandang driver na panakanakang tumitingin sa rearview mirror.

“Manong Rob, sa *Greenbelt* po tayo. Doon tayo magla-lunch,” utos ni Matti sa kanilang driver.

Tumalima naman ang matanda.

“Hon...”

“Yes?” Bumaling siya kay Matti. “About my friend Amerald. Tumawag sa akin last night si Norris, nalaman ko na kailangan ni Amer ng malaking halaga para sa pagpapagamot ng mama niya, si Tita Amara. Baka raw nahihiya lang magsabi sa 'kin, lalo na nga't nabigla rin sila sa sitwasyon ko.”

Totoong parang naging recluse si Matti mula nang maaksidente ito. Pakiramdam niya ay ayaw nitong malaman ng mga kakilala at kaibigan na hindi ito nakakalakad.

“Gusto mo siyang pahiramin ng pera?” Money was not an issue to Matti. Kahit siguro hindi ito magtrabaho habambuhay ay hindi mauubos ang kayamanan ng mga magulang nito. Dahil nga mas maedad ito sa kanya ng halos nine years, nakapagpundar na rin ito bago sila nagpakasal. Solong anak din ang lalaki kaya walang kapatid na maiinggit o magdaramdam kung suportahan man ito ng mga magulang.

Nagkibit-balikat ito. “Medyo matatagalan kasi kung sa bangko ni Papa siya hihiram, eh, medyo

kailangan na iyong pera. Sa personal savings ko natin sana paluluwagin. Okay lang ba sa 'yo?" Tingin niya ay dahilan lamang ni Matti na matatagalan kung sa papa nito hihiram si Emerald. Malamang ay gusto nitong ito mismo ang makatulong sa kaibigan.

"Walang problema sa 'kin, Matti, kung iyon ang desisyon mo." Halos wala naman siyang contribution sa personal savings na sinasabi nito. Dalawa ang savings account nila sa magkaibang bangko at iyong mga iniregalong cash noong kasal nila ay nasa joint checking account naman nilang mag-asawa. "Matti, tulungan mo ang gusto mong tulungan. Gastusin mo ang pera mo kung saan mo gusto. You don't need to ask for my approval. Pera mo iyon noong binata ka pa at hindi ako makikialam doon."

"Honey, lahat ng akin ay sa 'yo na rin kaya may karapatan kang malaman lahat ng desisyon ko."

"Thank you, Matti. And get well soon, honey. Marami ka nang utang sa 'kin," bulong niya rito at kinakagat ang earlobe ng asawa. Namula ang mukha nito. Tumawid sa mga mata nito ang kalungkutang hindi niya magawang usisain.

Nitong huli, napapansin niyang madalas itong natatahimik. May umaahong agam-agam sa dibdib niya na pilit niyang binabalewala.

Pahapon na sila nakauwi ng bahay matapos maglibot-libot sa *Greenbelt*.

“Thank you, Manong Rob,” saad ni Alisha sa family driver ng mga Montezar matapos silang ihatid nito sa loob ng bahay. Nasa silid na nila ang asawa niya.

“Walang problema, ma’am.”

“Alisha po. Hindi pa po kami naikakasal ni Matti, napag-usapan na po natin ’yan.” Sa mga magulang talaga ni Matti naglilingkod ang matandang driver, pero tuwing kailangan nila ng maghahatid sa kanila kung saan ay pinapupunta ito sa kanila ng mga biyenan niya.

“Sige, Alisha na kung Alisha. Kaya ka mahal na mahal nina Ma’am Lara at Sir Theo, eh. Palagi kang bukambibig ng mama ni Matti, alam mo ba ’yon? Ang layo daw kasi ng ugali mo kay Cion. Alam mo bang *tuko* ang tawag ni Lara sa babaeng iyon?” Humagikgik ang matandang driver.

Nagtaka siya nang matigilan si Manong Rob. Iniisip niyang dahil baka nadulas ito nang mabanggit ang kababata ni Matti. Pero nang sundan niya ang tingin ng natulos na matanda, nalaman niyang nakasilip pala si Matti mula sa pintuan ng silid nilang mag-asawa. Hindi niya ito napansin kasi nakaharap

siya kay Manong Rob.

Narinig nito ang pag-uusap nila ng driver?

May komunikasyon pa pala si Matti kay Cion, naisip niya. Matagal na rin siyang walang balita sa dalaga. Hindi rin nag-attend ng kasal nila ang babae bagaman pinili niyang padalhan ito ng imbitasyon. After all, naging kaibigan din naman ito ni Matti at ng pamilya nito.

“Sige, Alisha, babalik na ako sa malaking bahay.” Ang mansion ng mga magulang ni Matti ang tinutukoy nito. Pumupunta lang talaga ito sa kanila kapag schedule ng therapy.

“Sige po. Mag-iingat po kayo.”



“I’m sorry, honey.” Mahigpit na magkasalikop ang mga kamay nila. “And thank you,” dugtong pa ni Matti habang magkatabi sila sa sofa.

“For what?”

“For everything. For being so understanding from day one until now. Sa pagiging matatag mo para sa akin. Sa pagtanggap ng lahat ng mali sa pagkatao ko.”

“Thank you din, Matti. You know how much I love you. At kasama sa pagmamahal na iyon ang intindihin ang mga flaws natin. As I’ve promised to

God, mamahalin kita habang-buhay. Ikaw lang ang lalaki na minahal at patuloy kong mamahalin.” Nagi-guilty si Alisha dahil parang kulang sa conviction ang mga salitang lumabas mismo sa bibig niya. May nagbago na ba sa pagmamahal niya kay Matti?

“That’s why I love you so much. Thank you, Alisha, for everything. I love you.”

“I love you, too, Matti. Teka, dito ka lang muna, ha? Ihahanda ko lang ang hapunan natin.”

Masayang tinungo ni Alisha ang kusina. Napakunot-noo siya sa nadatnan doon.

It was a basket of assorted fruits. May nakasabit na card doon. Binasa niya ang nasa loob.

Matti babe, I miss you so much. Please magpagaling ka na.

- Cion

Gusto man niyang tanungin ang nag-iisa nilang kasambahay kung sino ang nagdala niyon ay nakauwi na si Aling Juliet. Tuwing hapon kasi, pagkatapos magluto ng hapunan ay umaalis na ito.

Kailangan na ba niyang kausapin si Matti tungkol dito? Hindi niya alam kung ano ang iisipin niya. *Babe?*

Binalewala niya ang isipin at pinilit ituon ang atensyon sa paghahanda ng kanilang hapunan. Pero nang kumakain na sila ay napansin yata ng asawa ang pamomroblema niya.

“What’s wrong, Ali?”

“Wala...”

“Iba ang lasa ng niluto mo kaya alam kong may problema ka. Tell me what’s bothering you, honey.” Inabot nito ang kamay niya at dinala iyon sa mga labi nito at ginawaran ng mabining halik.

It was a sweet gesture. Pero bakit pakiramdam ni Alisha may kulang? May hinahanap siya...

Sex! ’Yan ang kulang, Alisha, bulong ng utak niya.



“Buti naisipan mong lumabas sa lungga mo, ha? Hindi ka ba nabuburyong sa buhay mo? Kung ako ’yan baka matagal na akong nabaliw sa kakatunganga sa harap ng pilantod kong asawa.”

“Joana! ’Yang bunganga mo, ano ka ba?”

“Hayaan mo nga akong magsalita, Sam. Malay mo, matauhan na itong si Alisha sa katangahan niya.”

“Hindi katangahan ang pagsilbihan ko ang taong mahal na mahal ko, Joana. Yes, aaminin kong nahihirapan din ako. Tinitii ko kapag sinisigawan

ako ni Matti. Kahit nasasaktan na ako, iniisip ko na lang na sa aming dalawa, mas nahihirapan siya sa kalagayan niya. Kaya nga sinusubukan kong intindihin lahat kahit sobrang sakit na kasi mahal ko siya.” Hindi na niya napigilan ang mapaiyak.

“I’m sorry, Alisha. Hindi ko intension na lalong saktan ka. Worried lang kami sa ’yo. Tingnan mo nga sarili mo sa salamin. Tatlong buwan pa lang kayong kasal pero losyang na losyang ka na. Wala ka pang anak sa lagay na ’yan.”

“Iuwi na natin siya, Joana. Lasing na ang bruhanng ’yan.” Inalalayan ng dalawa ang kaibigan palabas ng bar.

Pagmamay-ari ni Joana ang bar. Padalawang beses pa lamang ni Alisha roon. Ang first time niya sa lugar ay noong bago siya ikasal.

“Hindi ako lasing. Hindi ako pwedeng magpakalasing kasi walang mag-aalaga kay Matti,” sumisinok na sabi niya.

“Hindi daw lasing. Eh, hindi ka na nga halos makatayo, eh.”

“Kaya ko pa, kayo lang ’tong mga OA. Anyway, thank you, Sam. Happy Birthday ulit. Sa bahay na lang ng parents ni Matti n’yo ako ihatid. Doon ko siya iniwan kanina.”



Tuluy-tuloy si Alisha patungo sa guest room sa first floor ng bahay ng mga biyenang. Sa second floor naroon ang dating kwarto ni Matti, pero hindi naman practical na iyon ang gamitin nila sa kalagayan nito.

Medyo nahihilo siya. Naabutan niyang nakaupo sa kama si Matti sa silid nito sa mansion. Tutok na tutok ito sa telebisyon kaya mukhang hindi namalayan ang pagpasok niya at nagulat nang halikan niya sa labi.

“I’m sorry, honey. Ang kukulit kasi ng mga kaibigan ko at ayaw akong pauwiin agad. Okay ka lang ba? Nakainom ka na ba ng gamot mo?”

“Relax. Three hours ka lang nawala at okay na okay ako. ’Yon nga lang, na-miss kita.”

She missed him, too. Kaya muli niya itong hinalikan. Her hands began exploring his body. Dinadama niya ang dibdib ni Matt sa ilalim ng T-shirt nito. The kiss became deeper. Ayaw nang magpaawat ng mga kamay niya.

“Ahhh, Matti honey... this feels so good,” she moaned. Gumapang ang kamay niya pababa. Para siyang binuhusan ng nagyeyelong tubig nang pigilan ni Matti ang kamay niya.

“I’m sorry...”

Sorry. Iyon ang laging sinasabi ni Matti sa tuwing sinusubukan niyang gampanan ang pagiging asawa rito. Hindi niya alam kung kailan siya susuko sa pagbabakasakaling may magbago.

“Sorry din. Good night.” Tinalikuran na niya ito.

Kung kanina ay para siyang sinisilaban sa init na nararamdaman, ngayon ay walang kapantay na lamig ang lumulukob sa kanyang pagkatao.

Pakiramdam ni Alisha, napakawalang-kwenta niyang babae dahil hindi niya magawang buhayin ang pagkalalaki ni Matti.

“Find someone who can pleasure you in bed.” Umalingawngaw sa pandinig niya ang mga binitiwang salita ni Joana kanina sa bar.

Alam niyang biro lang iyon ng kaibigan, pero ngayon ay apektado siya.

No! Hindi niya gagawin iyon.

Kung ano ang posisyon nilang mag-asawa bago matulog ay ganoon pa rin nang magising sila.

Wake up, Alisha! Huwag ka nang umasang nakayakap siya sa ’yo paggising n’yo.



“Tulala ka na naman, p’re. Nagkaganyan ka na yata simula nang makita mo ’yong asawa ni

Matti. Naku, delikado 'yan. Kaya siguro kahit kelan hindi ipinakilala sa atin ni Matti 'yong asawa niya noong hindi pa sila naikakasal. Takot ang loko na baka mapunta sa 'yo. Gawain niya kasing manulot.

“By the way, nai-deposit ko na sa bank account mo 'yong konting tulong ko sa 'yo. Subukan mo ring lumapit kay Matti, hindi tatanggi 'yon.”

“Maraming salamat, Norris. Ibabalik ko din 'yon oras na mahanapan ko ng buyer ang maliit na lupain ni Daddy sa probinsya.” Talagang mabait itong kaibigan niya. Hindi na siya binigyan ng pagkakataong tumanggi sa alok nitong pera at idinerecho na sa account niya. “Pasensya ka na at salamat talaga.”

Marahan lang siyang tinapik sa balikat ng kaibigan.

Pagkaalis ni Norris, may tumawag sa cellphone niya. Sinagot iyon ni Amerald sa pag-aakalang kliyente iyong sa auto-shop. Unregistered kasi ang number.

Natuwa siya bagaman nagtaka na si Matti pala ang nasa kabilang linya. Hinihiling ng kaibigan na dalawin niya raw ito, matagal na rin daw kasi itong hindi nakikihalubilo sa mga kakilala at kaibigan nila. Nagpalit yata ito ng cellphone number.